

---

# ‘Ohana Health Plan

## Abiso sa Mga Kagawian sa Privacy

---

**INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO PUWEDENG GAMITIN AT IHAYAG ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA INYO AT KUNG PAANO NINYO MAA-ACCESS ANG IMPORMASYONG ITO.**

**PAKIBASA ITO NANG MABUTI.**

**May Bisa Mula 05/02/2024**

### **Quest (Medicaid) Plan**

For help to translate or understand this, please call **1-888-846-4262** Hearing impaired TTY: **711**, Monday through Friday from 7:45 a.m. to 4:30 p.m. Hawai'i Standard Time (HST).

如需翻譯或了解此資訊，請致電 **1-888-846-4262** 聽障人士 TTY : **711**，週一至週五上午 7:45 至下午 4:30 (Hawai'i 標準時間 (HST))

Para iti tulong tapno maipatarus wenna maawatan daytoy, pangngaasiyo ta tawaganyo ti **1-888-846-4262** Nadadael ti panagdengngegna TTY: **711**, Lunes agingga Biernes manipud 7:45 a.m. to 4:30 p.m. Hawai'i Standard Time (HST).

이를 번역하거나 이해하는 데 도움이 필요한 경우, **1-888-846-4262**, 청각 장애인 TTY: **711**번으로 연락하십시오(월요일~금요일, 오전 7:45~오후 4:30(Hawai'i 표준시, HST)).

Para sa tulong sa pagsasalin o sa pag-unawa rito, mangyaring tumawag sa **1-888-846-4262** TTY para sa may problema sa pandinig: **711**, Lunes hanggang Biyernes mula 7:45 a.m. hanggang 4:30 p.m. Hawai'i Standard Time (HST).

Để được trợ giúp phiên dịch hoặc giải thích thông tin này, vui lòng gọi số **1-888-846-4262** TTY cho người khiếm thính: **711**, từ Thứ Hai đến Thứ Sáu, từ 7:45 a.m. đến 4:30 p.m. Hawai'i Standard Time (HST).

### **Community Care Services (CCS) Plan:**

For help to translate or understand this, please call **1-866-401-7540** Hearing impaired TTY: **711**, 24 hours a day, 7 days a week.

如需翻譯或了解此資訊，請致電 **1-866-401-7540** 聽障人士 TTY : **711**，每週 7 天，每天 24 小時。

Para iti tulong a mangipatarus wenna makaawat iti daytoy, pangngaasiyo ta tawaganyo **1-866-401-7540** Nadadael ti panagdengngegna TTY: **711**, 24 oras iti inaldaw, 7 aldaw iti makalawas.

이를 번역하거나 이해하는 데 도움이 필요한 경우, **1-866-401-7540**, 청각 장애인 TTY: **711**번으로 연락하십시오(주 7일, 하루 24시간).

Para sa tulong sa pagsasalin o sa pag-unawa rito, mangyaring tumawag sa **1-866-401-7540** TTY para sa may problema sa pandinig: **711**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Để được trợ giúp phiên dịch hoặc giải thích thông tin này, vui lòng gọi số **1-866-401-7540** TTY cho người khiếm thính: **711**, 24 giờ một ngày, 7 ngày một tuần.

## **Mga Tungkulin ng Sinasaklaw na Entity:**

Ang 'Ohana Health Plan ay isang Sinasaklaw na Entity gaya ng tinukoy at pinapamahalaan sa ilalim ng Health Insurance Portability and Accountability Act of 1996 (HIPAA). Ayon sa batas, inatasan ang 'Ohana Health Plan na panatilihin ang privacy ng inyong protektadong impormasyon sa kalusugan (protected health information o PHI), bigyan kayo ng Abisong ito tungkol sa aming mga legal na tungkulin at kagawian sa privacy na nauugnay sa inyong PHI, sundin ang mga tuntunin ng Abiso na kasalukuyang may bisa, at abisuhan kayo kung sakaling may mangyaring paglabag sa inyong hindi na-secure na PHI.

Inilalarawan ng Abisong ito kung paano namin puwedeng gamitin at ihayag ang inyong PHI. Inilalarawan din nito ang inyong mga karapatang i-access, baguhin, at pamahalaan ang inyong PHI at kung paano gamitin ang mga naturang karapatan. Ang lahat ng iba pang paggamit at paghahayag ng inyong PHI na hindi inilalarawan sa Abisong ito ay gagawin lang nang may nakasulat na pahintulot ninyo.

Nakalaan sa 'Ohana Health Plan ang karapatang baguhin ang Abisong ito. Nakalaan sa amin ang karapatang gawing may bisa ang nirebisa o binagong Abiso para sa inyong PHI na nasa amin na at inyong PHI na matatanggap namin sa hinaharap. Rerebisahin at ipapamahagi kaagad ng 'Ohana Health Plan ang Abisong ito sa tuwing may malaking pagbabago sa mga sumusunod:

- Ang Mga Paggamit o Paghahayag
- Inyong mga karapatan
- Aming mga legal na tungkulin
- Iba pang kagawian sa privacy na nakalahad sa abiso

Gagawin naming available sa aming website o sa pamamagitan ng hiwalay na pagpapadala ng sulat ang anumang nirebisang Abiso.

## **Internal na Mga Proteksyon sa Pasalita, Nakasulat, at Electronic na PHI:**

Pinoprotektahan ng 'Ohana Health Plan ang inyong PHI. Pinagtutuunan din naming panatilihing kumpidensyal ang iyong impormasyon ng lahi, etnisidad, at wika (race, ethnicity, and language o REL), at sekswal na oryentasyon at pangkasariang pagkakakilanlan (sexual orientation and gender identity o SOGI). Mayroon kaming mga proseso sa privacy at seguridad para makatulong.

Narito ang ilang paraan kung paano namin pinoprotektahan ang inyong PHI:

- Sinasanay namin ang aming mga tauhan na sumunod sa aming mga proseso sa privacy at seguridad.
- Inatasan namin ang aming mga associate sa negosyo na sumunod sa mga proseso sa privacy at seguridad.
- Pinapanatili naming secure ang aming mga opisina.
- Tinatalakay lang namin ang tungkol sa inyong PHI para sa pangnegosyong layunin kasama ng mga taong kailangang makaalam.
- Pinapanatili naming secure ang inyong PHI kapag ipinapadala o sino-store namin ito sa electronic na paraan.
- Gumagamit kami ng teknolohiya para hindi ma-access ng mga maling tao ang inyong PHI.

## **Mga Pinapahintulutang Paggamit at Paghahayag ng Inyong PHI:**

Ang sumusunod ay isang listahan kung paano namin puwedeng gamitin o ihayag ang inyong PHI nang wala ang pahintulot o awtorisasyon ninyo:

- **Paggamot** - Puwede naming gamitin o ihayag ang inyong PHI sa doktor o iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan na naggagamot sa inyo, para makoordina ang inyong paggamot sa mga tagapagbigay ng serbisyo, o para matulungan kaming gumawa ng mga desisyon sa paunang awtorisasyon na may kaugnayan sa inyong mga benepisyo.
- **Pagbabayad** - Puwede naming gamitin at ihayag ang inyong PHI para sa mga pagbabayad ng benepisyo para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugang ibinibigay sa inyo. Puwede naming ihayag ang inyong PHI sa isa pang planong pangkalusugan, sa tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, o iba pang entity alinsunod sa pederal na Mga Panuntunan sa Privacy para sa mga layunin ng pagbabayad ng mga ito. Puwedeng kasama sa mga aktibidad sa pagbabayad ang pagpoproseso ng mga claim, pagtukoy sa pagiging kwalipikado o pagsaklaw para sa mga claim, at pagsusuri sa mga serbisyo para matukoy kung medikal na kinakailangan.
- **Mga Pagpapatakbo ng Pangangalagang Pangkalusugan** - Puwede naming gamitin at ihayag ang inyong PHI para magsagawa ng mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan. Puwedeng kasama sa mga aktibidad na ito ang pagbibigay ng serbisyo sa kostumer, pagtugon sa mga reklamo at apela, at pagbibigay ng pamamahala sa pangangalaga at pagkoordina ng pangangalaga.

Sa aming mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan, puwede naming ihayag ang PHI sa mga associate sa negosyo. Magkakaroon kami ng mga nakasulat na kasunduan para protektahan ang privacy ng inyong PHI sa mga associate na ito. Puwede naming ihayag ang inyong PHI sa isa pang entity na napapailalim sa pederal na Mga Panuntunan sa Privacy. Dapat ay mayroon ding ugnayan sa inyo ang entity para sa mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan nito. Kabilang dito ang sumusunod:

- Mga aktibidad sa pagsusuri at pagpapahusay ng kalidad
- Pagsusuri sa kahusayan o mga kwalipikasyon ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan
- Pamamahala sa pangangalaga o pagkoordina ng pangangalaga
- Pagtukoy o pagpigil sa panloloko o pang-aabuso sa pangangalagang pangkalusugan

Protektado ang iyong lahi, etnisidad, wika, sekswal na oryentasyon, at pangkasariang pagkakakilanlan ng mga sistema at batas ng pangkalusugang plano. Nangangahulugan itong pribado at secure ang impormasyong iyong ibibigay. Maaari lang naming ibahagi ang impormasyong ito sa mga tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Hindi ito ibabahagi sa iba nang walang pahintulot o awtorisasyon mo. Gagamitin namin ang impormasyong ito upang pahusayin ang kalidad ng iyong pangangalaga at mga serbisyo.

Natutulungan kami ng impormasyong ito na:

- Mas maunawaan ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan
- Malaman ang iyong kagustuhan sa wika kapag bumibisita sa mga tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan
- Makapagbigay ng impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan upang matugunan ang iyong mga pangangailangan sa pangangalaga
- Makapag-alok ng mga programa upang matulungan kang maging pinakamalusog

Hindi gagamitin ang impormasyong ito para sa mga layunin sa underwriting o upang magpasya kung makakatanggap ka ng saklaw o mga serbisyo.

- **Mga Paghahayag sa Panggrupong Plano sa Kalusugan/Sponsor ng Plano** - Puwede naming ihayag ang inyong protektadong impormasyon sa kalusugan sa sponsor o sa panggrupong plano sa kalusugan, gaya ng employer o iba pang entity na nagbibigay sa inyo ng programa ng pangangalagang pangkalusugan, kung sumang-ayon ang sponsor sa ilang partikular na paghihigpit sa kung paano niya magagamit o maihahayag ang protektadong impormasyon sa kalusugan (gaya ng pagsang-ayong huwag gamitin ang protektadong impormasyon sa kalusugan para sa mga aksyon o desisyong may kaugnayan sa pagtatrabaho).

## **Iba pang Pinapahintulutan o Kinakailangang Paghahayag ng Inyong PHI:**

- **Mga Aktibidad ng Fundraising** – Puwede naming gamitin o ihayag ang inyong PHI para sa mga aktibidad ng fundraising, gaya ng pangangalap ng pera para sa institusyon ng kawanggawa o katulad na entity para makatulong na pondohan ang kanilang mga aktibidad. Kung makikipag-ugnayan kami sa inyo para sa mga aktibidad ng fundraising, bibigyan namin kayo ng pagkakataong mag-opt out, o huminto, sa pagtanggap ng naturang mga pakikipag-ugnayan sa hinaharap.
- **Mga Layunin ng Underwriting** – Puwede naming gamitin o ihayag ang inyong PHI para sa mga layunin ng underwriting, gaya ng para sa paggawa ng desisyon kagunay ng aplikasyon o kahilingan sa pagsaklaw. Kung gagamitin o ihahayag namin ang inyong PHI para sa mga layunin ng underwriting, pinagbabawalan kaming gamitin o ihayag ang inyong PHI na genetic na impormasyon sa proseso ng underwriting.
- **Mga Paalala sa Appointment/Alternatibo sa Paggamot** - Puwede naming gamitin at ihayag ang inyong PHI para paalalahanan kayo tungkol sa isang appointment sa paggamot at medikal na pangangalaga ninyo sa amin o para bigyan kayo ng impormasyon kaugnay ng mga alternatibo sa paggamot o iba pang benepisyo at serbisyong may kaugnayan sa kalusugan, gaya ng impormasyon sa kung paano huminto sa paninigarilyo o magpababa ng timbang.
- **Ayon sa Inaatang ng Batas** - Kung inaatang ng pederal na batas, batas ng estado, at/o lokal na batas ang paggamit o paghahayag ng inyong PHI, puwede naming gamitin o ihayag ang inyong PHI sa hangganang natutugunan ng paggamit o paghahayag ang naturang batas at nang limitado sa mga kinakailangan ng naturang batas. Kung salungat ang dalawa o higit pang batas o regulasyong namamahala sa parehong paggamit o pagbubunyag, susunod kami sa mga mas mahigpit na batas o regulasyon.
- **Mga Aktibidad sa Kalusugan ng Publiko** - Puwede naming ihayag ang inyong PHI sa awtoridad sa kalusugan ng publiko para sa layunin ng pagpigil o pagkontrol sa sakit, injury, o kapansanan. Puwede naming ihayag ang inyong PHI sa Food and Drug Administration (FDA) para tiyakin ang kalidad, kaligtasan, o pagiging epektibo ng mga produkto o serbisyong napapailalim sa hurisdiksyon ng FDA.
- **Mga Biktima ng Pang-aabuso at Kapabayaang** - Puwede naming ihayag ang inyong PHI sa awtoridad ng lokal na pamahalaan, pamahalaan ng estado, o pederal na pamahalaan, kasama ang mga serbisyo sa lipunan o sa ahensya ng mga serbisyong nagbibigay proteksyon na inawtorisahan ng batas na makatanggap ng mga naturang ulat kung may makatuwiran kaming paniniwala ng pang-aabuso, kapabayaang, o domestikong karahasan.
- **Mga Hudisyal at Administratibong Paglilitis** - Puwede naming ihayag ang inyong PHI bilang tugon sa administratibong utos o utos ng hukuman. Posible ring iatas sa amin ang paghahayag ng inyong PHI para tugunan ang isang subpoena, kahilingan sa pagtuklas, o iba pang katulad na kahilingan.
- **Pagpapatupad ng Batas** - Puwede naming ihayag ang inyong nauugnay na PHI sa tagapagpatupad ng batas kapag inatasan kaming gawin ito para sa mga layunin ng pagtugon sa isang krimen.
- **Mga Koroner, Medikal na Tagasuri, at Direktor ng Punerarya** - Puwede naming ihayag ang inyong PHI sa koroner o medikal na tagasuri. Puwedeng kinakailangan ito, halimbawa, para matukoy ang dahilan ng pagkamatay. Puwede rin naming ihayag ang inyong PHI sa mga direktor ng punerarya, kung kinakailangan, para maisagawa ang kanilang mga tungkulin.
- **Donasyon ng Organ, Mata, at Tissue** – Puwede naming ihayag ang inyong PHI sa mga organisasyon para sa pagkuha ng organ. Puwede rin naming ihayag ang inyong PHI sa mga taong nasa industriya ng pagkuha, pagbabangko, at pag-transplant ng mga cadaveric na organ, mata, at tissue.
- **Mga Banta sa Kalusugan at Kaligtasan** - Puwede naming gamitin o ihayag ang inyong PHI kung naniniwala kami, nang may mabuting hangarin, na kinakailangan ang paggamit o paghahayag para mapigilan o mabawasan ang isang malubha o nalalapit na banta sa kalusugan o kaligtasan ng isang tao o ng publiko.

- **Mga Espesyal na Tungkulin ng Pamahalaan** - Kung miyembro kayo ng U.S. Armed Forces, puwede naming ihayag ang inyong PHI ayon sa kinakailangan ng mga awtoridad sa mandato ng militar. Puwede rin naming ihayag ang inyong PHI sa mga awtorisadong opisyal ng pederal na pamahalaan para sa mga alalahanin sa pambansang seguridad, mga aktibidad sa pagkuha ng impormasyon, sa Department of State para sa mga pagtukoy sa medikal na kaangkupan, sa proteksyon ng Presidente, at iba pang awtorisadong tao ayon sa kinakailangan ng batas.
- **Bayad sa mga Manggagawa** - Puwede naming ihayag ang inyong PHI para sumunod sa mga batas na may kaugnayan sa pagbabayad sa mga manggagawa o iba pang katulad na programa, na tinukoy ng batas, na nagbibigay ng mga benepisyo para sa mga injury o karamdamang may kaugnayan sa trabaho anupaman ang nagdulot nito.
- **Mga Emergency na Sitwasyon** – Puwede naming ihayag ang inyong PHI sa isang emergency na sitwasyon, o kung nawalan kayo ng kakayahang kumilos o wala ang inyong presensya, sa isang miyembro ng pamilya, malapit na personal na kaibigan, awtorisadong ahensya sa pagtulong sa sakuna, o sinupamang taong tinukoy ninyo dati. Gagamitin namin ang propesyonal na pagpapasya at karanasan para tukuyin kung pinakamakakabuti para sa inyo ang paghahayag. Kung pinakamakakabuti para sa inyo ang paghahayag, ang ihahayag lang namin ay ang PHI na direktang may kaugnayan sa kinalaman ng taong iyon sa inyong pangangalaga.
- **Mga Preso** - Kung kayo ay preso sa isang koreksiyonal na institusyon o napapailalim kayo sa kustodya ng opisyal sa pagpapatupad ng batas, puwede naming ihayag ang inyong PHI sa koreksiyonal na institusyon o sa opisyal sa pagpapatupad ng batas, kung saan kinakailangan ang naturang impormasyon para mabigyan kayo ng institusyon ng pangangalagang pangkalusugan; para protektahan ang inyong kalusugan o kaligtasan; o ang kalusugan o kaligtasan ng iba; o para sa kaligtasan at seguridad ng koreksiyonal na institusyon.
- **Pananaliksik** - Sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon, puwede naming ihayag ang inyong PHI sa mga mananaliksik kapag naaprubahan ang kanilang klinikal na pananaliksik na pag-aaral at kung saan may ilang partikular na proteksyong ipinapatupad para matiyak ang privacy at proteksyon ng inyong PHI.

## **Mga Paggamit at Paghahayag ng Inyong PHI na Nangangailangan ng Inyong Nakasulat na Awtorisasyon:**

Inaatasan kaming kunin ang inyong nakasulat na awtorisasyon para gamitin o ihayag ang inyong PHI, nang may mga limitadong eksepsiyon, para sa mga sumusunod na dahilan:

- **Pagbebenta ng PHI** – Hihingi kami sa inyo ng nakasulat na awtorisasyon bago kami gumawa ng anumang paghahayag na maipapagpalagay na pagbebenta ng inyong PHI, ibig sabihin, nakakatanggap kami ng bayad para sa paghahayag ng PHI sa ganitong paraan.
- **Marketing** – Hihingi kami sa inyo ng nakasulat na awtorisasyon para gamitin o ihayag ang inyong PHI para sa mga pang-marketing na layunin na may mga limitadong eksepsiyon, gaya ng kapag harapan kaming nakikipag-usap sa inyo para sa marketing o kapag nagbibigay kami ng mga pampromosyong regalo na may kaunting halaga.
- **Mga Tala sa Psychotherapy** – Hihingi kami sa inyo ng nakasulat na awtorisasyon para gamitin o ihayag ang alinman sa inyong mga tala sa psychotherapy na posibleng mayroon kami nang may limitadong eksepsiyon, gaya ng para sa ilang partikular na paggamot, pagbabayad, o mga tungkulin ng pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan.

May karapatan kayong bawiin ang inyong awtorisasyon, sa pasulat na paraan kahit kailan, maliban sa kung saan nagamit o naihayag na namin ang inyong PHI batay sa paunang awtorisasyong iyon.

## **Mga Indibidwal na Karapatan:**

Ang mga sumusunod ay ang inyong mga karapatan kaugnay ng PHI ninyo. Kung gusto ninyong gamitin ang alinman sa mga sumusunod na karapatan, makipag-ugnayan sa amin gamit ang impormasyon sa dulo ng Abisong ito.

- ***Karapatan sa Paghiling ng Mga Paghihigpit*** - May karapatan kayong humiling ng mga paghihigpit sa paggamit at paghahayag ng inyong PHI para sa paggamot, pagbabayad, o mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan, pati na rin sa paghahayag sa mga taong may kinalaman sa inyong pangangalaga o sa pagbabayad para sa inyong pangangalaga, gaya ng mga miyembro ng pamilya o malapit na kaibigan. Dapat ilahad sa inyong kahilingan ang mga paghihigpit na hinihiling ninyo at ilahad kung kanino nalalapat ang mga paghihigpit. Hindi kami inaatang sumang-ayon sa kahilingang ito. Kung sang-ayon kami, susunod kami sa inyong kahilingan sa paghihigpit maliban kung kailangan ang impormasyon para mabigyan kayo ng pang-emergency na paggamot. Gayunpaman, paghihigpitan namin ang paggamit o paghahayag ng PHI para sa pagbabayad o mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan sa isang planong pangkalusugan kapag nagbayad kayo nang buo para sa serbisyo o item nang mula sa sarili ninyong bulsa.
- ***Karapatang Humiling ng mga Kumpidensyal na Komunikasyon*** - May karapatan kayong hilingin na makipag-ugnayan kami sa inyo tungkol sa inyong PHI sa pamamagitan ng mga alternatibong paraan o sa mga alternatibong lokasyon. Nalalapat lang ang karapatang ito kung puwede kayong mapahamak ng impormasyon kung hindi ito papadaanin sa mga alternatibong paraan o sa alternatibong lokasyong gusto ninyo. Hindi ninyo kailangang ipaliwanag ang dahilan ng inyong kahilingan, pero dapat ninyong isaad na puwede kayong mapahamak ng impormasyon kung hindi babaguhin ang paraan o lokasyon ng pakikipag-ugnayan. Dapat naming sundin ang inyong kahilingan kung makatuwiran ito at kung tinutukoy nito ang mga alternatibong paraan o lokasyon kung saan dapat ihatid ang inyong PHI.
- ***Karapatan sa Pag-access at Pagtanggap ng Kopya ng Inyong PHI*** - May karapatan kayo, nang may limitadong eksepsiyon, na tumingin o kumuha ng mga kopya ng inyong PHI na nakapaloob sa isang itinalagang hanay ng tala. Puwede ninyong hilinging magbigay kami ng mga kopya sa format na bukod sa mga photocopy. Gagamitin namin ang format na hiniling ninyo maliban kung hindi makatuwirang gawin namin ito. Dapat kayong humiling nang nakasulat para magkaroon ng access sa inyong PHI. Kung tatanggihan namin ang inyong kahilingan, bibigyan namin kayo ng nakasulat na paliwanag at sasabihin namin sa inyo kung puwedeng suriin ang mga dahilan ng pagtanggap. Sasabihin din namin sa inyo kung paano hilingin ang naturang pagsusuri o kung hindi magsusuri ang pagtanggap.
- ***Karapatang Amyendahan ang Inyong PHI*** - May karapatan kayong hilinging amyendahan o baguhin namin ang inyong PHI kung naniniwala kayong may maling impormasyon dito. Dapat ay nakasulat ang inyong kahilingan, at dapat nitong ipaliwanag kung bakit kailangang amyendahan ang impormasyon. Puwede naming tanggihan ang inyong kahilingan para sa ilang partikular na dahilan, halimbawa, kung hindi kami ang gumawa ng impormasyong gusto ninyong amyendahan at maaamyendahan ng gumawa ang PHI. Kung tatanggihan namin ang inyong kahilingan, bibigyan namin kayo ng nakasulat na paliwanag. Puwede kayong magbigay ng pahayag na hindi kayo sang-ayon sa aming pasya at isasama namin ang inyong pahayag sa PHI na hinihiling ninyong amyendahan namin. Kung tatanggapin namin ang inyong kahilingang amyendahan ang impormasyon, gagawa kami ng mga makatuwirang pagsisikap para ipagbigay-alam sa iba, kasama ang mga taong pinangalanan ninyo, ang tungkol sa pag-amyenda at para isama ang mga pagbabago sa anumang paghahayag ng impormasyong iyon sa hinaharap.



- **Karapatang Makatanggap ng Accounting ng Mga Paghahayag** - May karapatan kayong makatanggap ng listahan ng mga sitwasyon sa loob ng nakalipas na 6 na taon kung saan inihayag namin o ng aming mga associate sa negosyo ang inyong PHI. Hindi ito nalalapat sa paghahayag para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad, mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan, o mga paghahayag na pinahintulutan ninyo at ilang partikular na iba pang aktibidad. Kung hihilingin ninyo ang listahang ito nang higit sa isang beses sa loob ng 12 buwan, puwede namin kayong singilin ng makatuwiran at batay sa gastos na bayarin para sa pagtugon sa karagdagang kahilingang ito. Magbibigay kami sa inyo ng higit pang impormasyon tungkol sa aming mga bayarin sa panahon ng kahilingan ninyo.

- **Karapatang Maghain ng Reklamo** - Kung sa palagay ninyo ay nilabag ang inyong mga karapatan sa privacy o na nilabag namin ang sarili naming mga kagawian sa privacy, puwede kayong maghain ng reklamo sa amin sa pasulat na paraan sa pamamagitan ng pagtawag gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa dulo ng Abisong ito.

Puwede rin kayong maghain ng reklamo sa Secretary of the U.S. Department of Health and Human Services Office for Civil Rights sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa 200 Independence Avenue, S.W., Washington, D.C. 20201 o pagtawag sa **1-800-368-1019**, (TTY: **1-800-537-7697**) o pagbisita sa **<https://www.hhs.gov/guidance/document/filing-complaint-0>**.

- **WALA KAMING GAGAWING ANUMANG AKSYON LABAN SA INYO DAHIL SA PAGHAHAIN NG REKLAMO.**

- **Karapatang Makatanggap ng Kopya ng Abisong ito** - Puwede kayong humiling ng kopya ng aming Abiso kahit kailan gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na nakalista sa dulo ng Abisong ito. Kung natanggap ninyo ang Abisong ito sa aming website o sa pamamagitan ng electronic mail (e-mail), may karapatan din kayong humiling ng papel na kopya ng Abiso.

## **Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan**

**Mga tanong tungkol sa Abisong ito:** Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa abisong ito, sa aming mga kagawian sa privacy na may kaugnayan sa inyong PHI, o kung paano gamitin ang inyong mga karapatan, puwede kayong makipag-ugnayan sa amin sa pasulat na paraan o sa pamamagitan ng pagtawag gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na nakalista sa ibaba.

‘Ohana Health Plan  
Attn: Privacy Official  
820 Mililani Street, Suite 200  
Honolulu, HI 96813

Quest (Medicaid): **1-888-846-4262** (TTY: **711**).  
Community Care Services (CCS): **1-866-401-7540** (TTY: **711**).